# Tagumpay Laban sa Tukso

A Lord's Flock General Assembly Topic
Ni: Fr. Peterson Tieng
Pebrero 03, 2024

Paano nilalabanan ng isang Kristiyano ang tukso? Ang tukso ay dumarating nang dahan-dahan, maganda at mapagbalatkayong paraan upang akitin tayo. Tayo ay madaling maakit ng mga makamundong tukso. Samakatuwid, dapat maging mapagbantay tayo at alerto sa pinagmumulan ng mga tukso sa kasiyahan, pag-aari, kapangyarihan at kayabangan. Para manalo sa labanang ito, dapat malalim ang ating kaalaman sa Salita ng Diyos, may pagpipigil sa sarili, at determinasyong iwasan ang mapang-akit na patibong ni Satanas.

**1. Paano nagkakaroon ng tukso?**

1.1. **Mungkahi**. Tunay na tukso ito ng kasiyahan. Noong nasa disyerto si Hesus, nag-ayuno Siya ng apatnapung (40) araw (Mateo 4:1-11). Sinubukang tuksuhin ni Satanas si Hesus na gawin Niyang tinapay ang mga bato. Ngunit sumagot si Hesus, "Nasusulat, "Hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang tao, kundi sa bawat salitang namumutawi sa bibig ng Diyos" (Mateo 4:4).

1.2. **Kasiyahan**. Ito ay isang tukso ng pagmamay-ari – pagnanais na magkaroon ng lahat ng bagay para sa sarili, o walang sawang kasakiman. Dinala si Hesus ng Diyablo sa isang mataas na bundok at ipinakita sa Kanya ang sanlibutan. Dahil siya ang nagmamay-ari sa mundo, sinabi nya na ibibigay nya ang lahat ng ito, kung si Hesus ay sasamba sa kanya (Mateo 4:9).

1.**3. Pagpayag**. Ito ay isang tukso ng kapangyarihan at pagmamalaki. Dinala ng Diyablo si Hesus sa isang napakataas na bundok at ipinatanaw sa Kanya ang lahat ng kaharihan ng sanlibutan at ang kayamanan ng mga ito. "Ibibigay ko sa iyo ang lahat ng ito, kung magpapatirapa ka at sasamba sa akin" (Mateo 4:8-9).

**2. Mga Aral sa Lumang Tipan**:

2.1. Ang tukso at kasalanan nina Adan at Eba. Tinukso ng ahas si Eba na kainin ang ipinagbabawal na prutas para makatulad nila ang Diyos; masarap ang bunga (kasiyahan); kaaya-aya sa mata (pag-aari); at kanais-nais na magkaroon ng karunungan (kapangyarihan at pagkamataas).

2.2. Humingi ang mga Israelita ng isang hari na mamamahala sa kanila. Ang Diyos ay nagbigay ng mga kondisyon sa hari (Deut.17:16-17): hindi siya dapat magkaroon ng:

- maraming asawa (kasiyahan)
- malaking bilang ng ginto at pilak (pag-aari)
- maraming kabayo (kapangyarihan, kayabangan)

Si Solomon ay nalasing sa kapangyarihan at kayamanan, at siya ay nagkasala:

- Umibig siya sa 700 na asawa at 300 na kerida (kasiyahan) (1Hari 11:3).
- Tumatanggap siya ng 666 na talentong ginto (mga ari-arian) (1 Hari 10:14).
- may malaki siyang hukbo na binubuo ng 1,400 na karwahe at 12,000 na kabayuhan (kapangyarihan at pagmamataas) (1Hari 10:26).

3**. Ang mundo ay may tatlong (3) pagnanasa (1Juan2:16):**

3.1. nakapupukaw sa masamang pita ng laman (kasiyahan)

3.2. nakatutukso sa paningin: katakawan, kaimbutan (pag-aari)

3.3. karangyaan sa buhay: kayabangan, paglayo sa Diyos at iba pa (pagmamalaki).

**Konklusyon:**

Nagtagumpay si Hesus sa tatlong mga tukso - kasiyahan, pag-aari, kapangyarihan at pagmamalaki, dahil puspos Siya ng Salita ng Diyos. Inilalahad din sa atin ngayon ang tatlong uri ng tukso. Ang taong nagkasala ay labis na nagmahal sa mundo sa makasariling paraan:

| Tukso: | Paano Lalampasan: |
|---|---|
| - Kasiyahan (lust of flesh) | - Pag-aayuno |
| - Pag-aari (lust of eyes) | -Pagtulong sa mahihirap |
| - Kapangyarihan/kayabangan | - Panalangin |

Tayo ay tinawag para talikuran ang mundo dahil ito ang aagaw sa ating atensyon at maglalayo sa Diyos.

**Pagninilay:**

1. Nahihirapan ka bang labanan ang mga tukso?
2. Nakikita mo ba ang kaibahan ng tama sa mali?

**Scribes Ministry:**
Isinalin ni: Sis. Thess P. Sarmiento
Na-edit ni : Sis Nida Cruz
website:https://lordsflock.org**/digests**
Tags:#Tukso